INMATE'S ORIENTATION SHEET

Layon ng inmate information sheet na ito na makapagbigay ng mga pangunahing impormasyon na kailangan mong malaman habang ikaw ay nasa aming pangangalaga. Kahit paano, sa pagsali mo sa aming maliit na komunidad ay magkakaroon ka ng kaunting unawa kung paano ka mamumuhay sa pasilidad na ito.

Ang BJMP ay isang kawanihan sa ilalim ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal *(Department of the Interior and Local Government)*. Ayon sa R.A. 6975, ang BJMP ay may kapangyarihan na mangasiwa sa lahat ng mga bilangguan sa distrito, lungsod at munisipyo. Ang Jail Bureau ay may dalawang mandato o tuntunin, ang panatilihing ligtas at gawin ang isang kliyente na masunurin sa batas, mabunga at responsableng bahagi ng ating lipunan.

ANG IYONG MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

Ang mga sumusunod ay iyong KARAPATAN habang ikaw ay nasa loob ng institusyong ito:

1. Mayroon kang karapatan na ituring bilang tao, at hindi ipasailalim sa *corporal punishment* o pisikal na pagpaparusa. Ikaw ay may responsibilidad na pahintulutan ang iyong kapwa bilanggo, bisita at mga tauhan ng bilangguan na magtamasa ng parehong karapatan.
2. Mayroon kang karapatan na malaman ang mga patakaran at regulasyon sa loob ng detention center o bilangguan. Mayroon kang responsibilidad na sundin ang mga gayong patakaran at regulasyon.
3. Mayroon kang karapatan na magkaroon ng sapat na pagkain, espasyo, bentilasyon, pahinga at libangan. Mayroon kang responsibilidad na gamitin ng maayos ang mga pasilidad at iba pang kagamitan na pinahihintulutan.
4. Mayroon kang karapatan na mapakinabangan ang mga medical, dental at iba pang serbisyong pangkalusugan. Ikaw ay may responsibilibidad na ipaalam sa amin ang iyong mga problema sa kalusugan at sundin ang inireseta na paggagamot.
5. Mayroon kang karapatan na dalawin ng isang abogado o legal na tagapagpayo, doctor o ministro anomang oras na nasasakop ng makatwirang regulasyon. Mayroon kang responsibilidad na gamitin ang mga serbisyo ng abogado, doktor o ministro nang matapat at walang kinikilingan.
6. Mayroon kang karapatan sa malayang pagpapahayag ng iyong relihiyon at pagsamba. Mayroon kang responsibilidad igalang ang kanilang relihiyon at pagsamba at huwag makapinsala sa iba habang ginagawa ang kanilang pagsamba.
7. May karapatan kang bumoto maliban kung diskuwalipikado ng batas. Mayroon kang responsibilidad na bumoto nang tapat, maayos at payapa.
8. Mayroon kang karapatan na magkaroon ng hiwalay na pasilidad o selda, lalo na kung ikaw ay isang babae o isang menor de edad. Mayroon kang responsibilidad na panatilihing nasa kaaya- ayang kondisyon ang iyong lugar na tinitirhan.
9. Mayroon kang karapatan na dalawin ng iyong pamilya. Ikaw ay may responsibilidad na sumunod sa mga patakaran tungkol sa pagdalaw sa bilangguan.
10. Mayroon kang karapatan na makipag-usap sa iyong embahada o konsulado kung ikaw ay isang dayuhan. Ikaw ay may responsibilidad na ipaalam sa pamamahala ng bilangguan ang iyong mga transaksyon.
11. Mayroon kang karapatan na tanggihan ang anumang panayam o mga tanong ng sinumang miyembro ng media.
12. Mayroon kang karapatan na tulungan ng isang abogado sa lahat ng pagkakataon. Mayroon kang karapatan na maipaalam sa wikang nalalaman at nauunawaan mo ang iyong karapatan na manatiling tahimik at magkaroon ng isang maasahang abogado, kung maaari ay ikaw mismo ang pumili, na sa lahat ng pagkakataon ay maaaring makipag-ugnayan sa iyo nang pribado. Kung hindi mo kayang bayaran ang mga serbisyo ng isang abogado, kailangan kang mabigyan ng isang maaasahang abogado.
13. Mayroon kang karapatan na malaman ang iyong mga karapatan na humingi ng pagsusuri ng iyong pangangatawan ng isang doctor na iyong napili. Kung hindi mo kayang bayaran ang mga serbisyo ng isang doktor, kailangan kang mabigyan ng gobyerno ng isang maaasahang doktor na magsasagawa ng pagsusuring pisikal kung kinakailangan. Ikaw at ang iyong pamilya ay dapat na magkaroon din ng karapatan sa agarang makukuhanan ng maayos at sapat na paggagamot.

ANG IYONG MGA PRIBILEHIYO AT RESPONSIBILIDAD

1. Mayroon kang pribilehiyo na magsuot ng iyong sariling mga damit habang nakakulong maliban kung hinihingi ng regulasyon na sundin ang itinakdang *pananamit.*
2. Mayroon kang pribilehiyo na magpadala at tumanggap ng sulat o liham sa ilalim ng mga patakaran at regulasyon ng BJMP. Ikaw ay may responsibilidad na sagutin ang mga gastos at payagan ang mga awtoridad sa bilangguan na suriin ang iyong mga gamit upang maiwasan ang pagpasok ng mga kontrabando.
3. Mayroon kang pribilehiyo na tumanggap ng mga libro, sulat, magasin, pahayagan at iba pang babasahing peryodiko na maaring payagan ng mga awtoridad sa bilangguan. Ikaw ay may responsibilidad na ibigay ang mga ito upang masiyasat.
4. Mayroon kang pribilehiyo na humiling ng libreng tulong legal, kung mayroon. Ikaw ay may responsibilidad na kumunsulta sa aming mga opisyal ng paralegal upang magkaroon ng tamang koordinasyon at kaayusan tungkol sa bagay na ito.
5. Mayroon kang pribilehiyo na ayusin ang iyong buhok sa naaayon mong estilo. Ikaw ay may responsibilidad na sumunod sa aming mga alituntunin sa bilangguan tungkol sa asal, kalusugan at kalinisan.
6. Mayroon kang pribilehiyo na tumanggap ng mga prutas at pagkain. Mayroon kang responsibilidad na ipasiyasat ang mga pagkain at hingin ang pagsang-ayon ng mga opisyal ng bilangguan.
7. Ikaw ay may responsibilidad na panatilihing malinis ang iyong selda at mga brigade o mga lugar sa bilangguan at magsagawa ng iba pang gawain na kinakailangan sa pagpapanatili ng kalinisan. Mayroon kang responsibilidad na huwag mag-aksaya ng tubig at mga gamit o materyales sa paglilinis.
8. Mayroon kang pribilehiyo na magamit ang iyong Good Conduct Time Allowance (GCTA) na ipinagkakaloob ng batas. Ikaw ay may responsibilidad na makipag-ugnayan sa aming mga kawani tungkol sa bagay na ito upang magkaroon ng maayos na pag-endorso kapag nalipat na sa BuCor.
9. Mayroon kang pribilehiyo na gamitin ang iyong mga pondo para sa iyong kinatawan at iba pang pamimili, alinsunod sa mga tuntunin ng bilangguan, seguridad at kaayusan ng institusyon. Ikaw ay may responsibilidad na bayaran ang iyong mga utang na pera kasama ang pagbabayad ng personal o ari-arian ng bilangguan na iyong nasira.
10. Mayroon kang pribilehiyo na lumahok sa aming mga personal/ espirituwal na gawain at mga libangan. Ikaw ay may responsibilidad na lumahok nang mataimtim at gawin ang mga ito na makabuluhan sa iyong buhay at sa iba.

DISIPLINA PARA SA MGA INMATE, MAKINARYA SA PAGDIDISIPLINA AT PAMAMAHALA SA MGA KARAINGAN

Kapag ikaw ay nasasakop na ng aming pasilidad, ang ilan sa iyong mga karapatan ay maaring mapigilan o makontrol. May mga bagay na hindi ka pinapayagang gawin at mayroon din na ilang mga patakaran at regulasyon na dapat mong sundin.

Inaasahan namin na ang inyong pagsunod sa patakaran at regulasyon upang makapagbigay ng ligtas, mapayapa at maayos na kapaligiran para sa iyong sariling pag-unlad.

ANG MGA SUMUSUNOD AY ITINUTURING NA MGA MALILIIT NA PAGLABAG:

1. Pagbebenta o pakikipagpalitan sa isang kapwa bilanggo ng mga gamit na nabansagang kontrabando o mga kalakal na labag sa batas;
2. Pagbibigay ng personal na serbisyo sa isang kapwa bilanggo at mga tauhan ng bilangguan;
3. Maruming hitsura o anyo;
4. Pagkakalat o hindi pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa mga quarter o sa paligid;
5. Paggawa ng mga walang batayang reklamo;
6. Pagtatakip o pag-uulat ng mga reklamo sa ngalan ng iba pang mga bilanggo;
7. Pagiging huli sa oras ng *headcount* nang walang makatuwirang dahilan;
8. Tahasang pag-aaksaya ng pagkain.

ANG MGA SUMUSUNOD AY ITINUTURING NA MAS MABABANG PAGLABAG:

1. Hindi pagtugon sa trabaho ng mga sentensyadong bilanggo nang walang makatwirang dahilan;
2. Pagkabigong tumulong sa isang tauhan o bilango na nasugatan;
3. Pagkabigo na makatulong sa pagsugpo ng apoy sa loob ng bilangguan;
4. Hindi wastong pag-asal o pagkilos habang may religious, social at iba pang pagkakatipon;
5. Pagmumura, pagtutungayaw o paggamit ng bastos o mapanirang puri na salita na inuukol sa ibang tao.

6. Pagkukunwari o pagpapanggap na may sakit upang makatakas sa itinalagang trabaho;
7. Pagkakalat ng nakakapanirang usapin upang madungisan ang karangalan ng sinomang tao, lalo na sa mga tauhan ng BJMP;
8. Pagkabigo sa pagbibigay pansin at angkop na paggalang kapag kinaharap ng o haharap sa sinomang tauhan ng BJMP;
9. Pagpwersa sa kapwa bilanggo na magbigay ng personal na serbisyo;
10. Pakikipagpalitan ng mga uniporme o pagsusuot ng mga damit na iba kaysa sa mga ibinigay upang mandaya sa mga patakaran ng bilangguan;
11. Magpagala-gala o magpunta sa mga hindi awtorisadong lugar;
12. Paggamit ng telepono nang walang pahintulot mula sa desk officer/ warden;
13. Pagsusulat, pagsasalaula o pagguhit sa mga pader, sahig o anomang kasangkapan o kagamitan;
14. Paghawak ng mga impormasyon na maaring makapinsala o makasama sa pangangasiwa ng bilangguan;
15. Pagkakaroon ng mga malalaswang babasahin o litrato;
16. Pagliban mula sa mga selda, brigada o lugar ng trabaho sa panahon ng headcount, o sa anomang oras nang walang makatuwirang dahilan; at
17. Pagkabigo na ibalik ang anomang tinanggap na gamit o kasangkapan pagkatapos ng trabaho.

ANG MGA SUMUSUNOD AY ITINUTURING NA MABIGAT NA PAGLABAG:

1. Pagsisinungaling o pagbibigay ng maling pahayag sa anomang opisyal na komunikasyon, transaksyon o imbestigasyon;
2. Pagtatago ng mga susi o kandado ng mga lugar sa bilangguan na hindi maaring puntahan ng mga bilanggo;
3. Pagbibigay ng mga regalo, pagbebenta o pakikipagpalitan sa mga tauhan ng bilangguan;
4. Pagtatago ng pera, alahas, sigarilyo, cellular phone o iba pang aparato sa komunikasyon at iba pang mga bagay na itinuturing na kontrabando sa ilalim ng mga patakaran;
5. Paglalagay ng tattoo o pagpapahintulot sa sarili na malagyan ng tattoo sa anomang bahagi ng katawan o pagtatabi ng anomang paraphernalia na gamit sa paglalagay ng tattoo;
6. Pangunguha o pangingikil ng pera mula sa mga kapwa bilanggo at mga bisita;
7. Pagpaparusa o pananakit sa sarili o sa iba pang mga bilanggo;
8. Pagtanggap, pagtatago, pagbebenta, pagkuha o pag-inom ng alak at mga ipinagbabawal na gamot;
9. Paggawa o pagtatago ng anomang uri ng nakamamatay na armas;
10. Paglilihim o pagtatago ng impormasyon sa mga plano ng tangkang pagtakas;
11. Pagwawalang bahala sa disiplina at mga tagubilin;
12. Pagtakas o tangkang pagtakas sa bilangguan o sa sinomang bantay;
13. Pagtulong, pag-alalay o paghikayat sa iba na makatakas;
14. Pakikipag-away o pagiging sanhi ng anomang kaguluhan o kalahok sa mga ganitong bagay at pagbubuyo sa mga kapwa bilanggo upang maging sanhi ng kaguluhan o pag-aaway.
15. Mga gawaing bastos, imoral o mahalay na mga gawain o pagpapahintulot sa sarili na maging kasangkapan ng mga katulad na bastos, imoral at mahalay na mga gawain;
16. Kusang paglabag sa mga batas na ipinatutupad ng sinomang tauhan ng BJMP;
17. Pananakit sa sinomang tauhan ng BJMP;
18. Paninira sa anomang pag-aari o kagamitan ng pamahalaan;
19. Pakikihalok sa anomang hukuman na labag sa batas, hindi awtorisado o illegal na hukuman na nagsasagawa ng pagbabalewala o pagbabaluktot ng mga legal na pamamaraan bilang isang huwad na hukuman;
20. Pakikisapi sa anomang gang o grupo na ang pangunahing layunin ay mang-upat ng pagkakabahagi o paghihiwalay mula sa iba;
21. Pakikilahok sa anomang sugal o anomang laro ng pakikipagsapalaran.
22. Hindi pagbibigay alam sa mga kinauukulan kapag nagkaroon ng nakahahawang sakit tulad ng tuberculosis, sexually transmitted diseases (STD) o mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik at iba pang tulad nito.
23. Paglabag sa anomang batas o ordinansa, kung saan maari kang maparusahan alinsunod sa batas;
24. Paggawa ng anomang makakasama sa kaayusan at dispilina.

DISCIPLINARY BOARD (LUPON PANDISIPLINA)

Ang Lupon Pandisiplina ay naatasan na magsiyasat ng mga di-umanoy pagsuway o paglabag ng isang bilanggo sa mga alituntunin at regulasyon ng bilangguan. Ito ay dumidinig at humahatol sa mga kaso sa loob ng apat na pu't walong oras (48 hours) mula sa pagtanggap ng kaso.

Sa mga pagkakataon na walang Lupon Pandisiplina kapag hindi magagawa ang pagsisiyasat dahil limitado ang mga tauhan nito, ang Warden ang gaganap sa tungkulin ng Lupon bilang *Summary Disciplinary Officer*. Sa pagdinig sa mga kaso na pandisiplina, ang Lupon Pandisiplina o ang Warden ay binibigyan ng paraan na dapat sundin. Sa anomang pangyayari, tinitiyak namin na mabibigyan ka ng pagkakataon na ipahayag ang iyong panig bago magpataw ng parusa ang Lupon Pandisiplina o Warden. Tandaan na ang mga sumusunod lamang na mga parusa ang pinahihintulutang ipataw ng Lupon Pandisiplina o Warden depende sa pagkakataon::

a. Mahigpit na pangangaral;
b. Pansamantala o permanenteng pagkansela ng ilan o lahat ng mga libangan at pribiliheyo;
c. Dagdag na nakakapagod na trabaho para sa mga sentensyadong bilanggo;
d. Pagkukulong sa isang selda (ito ay ginagawa lamang sa mga bilanggo na mahirap patinuin at kapag ang iba pang mga hakbang upang sila ay madisiplina ay napatunayang hindi epektibo); at
e. Paglipat sa ibang bilangguan ng BJMP sa lugar na may koordinasyon sa tamang hukuman.

AMING MGA PROGRAMA AT SERBISYO

Hinihikayat ka naming umiwas sa anomang problema o kaguluhan habang nasa ilalim ka ng aming pangangalaga upang maiwasan ang mga parusa na nabanggit sa itaas at sa halip ay gugulin ang iyong oras sa kapaki-pakinabang na mga gawain at serbisyo na inilaan para sa kaligtasan at pag-unlad. Mayroon kaming *Inmates Safekeeping Management* (ISMP) o programa para sa kaligtasan ng mga bilanggo. Layunin ng programa na mapanatili ang kaayusan at kaligtasan ng mga bilanggo habang kayo ay nasa aming pangangalaga. Ang bawat programa ay may ilang hanay ng serbisyo na magbibigay ng iyong pangangailangan. Nais namin na masigla kang makilahok sa aming *Inmates Welfare at Development Program* (IWDP).

Ang mga sumusunod ay ang mga hanay ng serbisyo sa ilalim ng programang ito:

1. Paghahanda ng Pangunahing mga pangangailangan (Pagkain, Tirahan, Damit)
2. Serbisyong Pangkalusugan
3. Serbisyong Pangkabuhayan
4. Serbisyong Pang-edukasyon
5. Serbisyong Pang-Isports at Panlibangan
6. Serbisyo ng Pagdalaw
7. Serbisyo ng Paralegal
8. Serbisyong Pangrelihiyon

THERAPEUTIC COMMUNITY MODALITY PROGRAM

Ito ay isang espesyal na programa na gumagamit ng paggu-grupo grupo sa paglunas sa mga may diperensiya sa personalidad at may kumplikadong problema sa emosyon o sarili. Ang programa ay tumutulong sa mga bilanggo na makapamuhay silang sama-sama bilang isang komunidad na may hangarin na magbago at umayos ang buhay. Kung ikaw ay makakasama sa komunidad na ito, ikaw at ang iba pang kalahok ay magtutulungan upang makatuklas at makabuo ng isang sarili na may halaga, may mga likas na talento at abilidad. Layunin ng programa na matulungan kang makabalik sa lipunan at magkaroon ng isang mabungang pamumuhay. Inaasahan namin ang iyong pagsali sa programang ito.

MAAGANG PARAAN NG PAGLAYA

Habang nasa ilalim ng aming pag-aalaga, kasabay ng aming programa na matulungang umunlad ang iyong personalidad at pagkatao bilang paghahanda sa iyong pagbabalik sa komunidad sa labas at ng hanay ng ating serbisyong paralegal, kami ay patuloy na tutulong sa iyo upang mapadali ang proseso ng paglilitis ng iyong mga kaso sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang ahensya at sa pagbibigay sa iyo ng gabay sa aplikasyon ng mga kaugnay na batas para sa iyong maagang paglaya.

Maari kang mag-aplay para sa alinmang paraan na maaari kang makinabang at maging karapatdapat:

1. Paglaya sa pamamagitan ng paggarantiya ng isang taong may integridad sa socieded ng iyong pagharap sa korte kapag may panawagan ng iyong pagsipot.
2. Paglaya sa pamamagitan ng piyansa
3. Paglaya sa pamamagitan ng *Preventive Imprisonment (*Art. 29 RPC bilang susugan sa pamamagitan ng BP 85 at EO 214)
4. Paglaya sa pamamagitan ng Probation (P.D. 968)
5. Paglaya sa pamamagitan ng *Parole*
6. Paglaya sa pamamgitan ng pagpapatawad na igagawad ng Pangulo ng Pilipinas
7. Iba pang paraan na ayon sa batas o sa pamamagitan ng batas ay maaring ipatupad.

Gaya nang palagi, inaasam namin ang huling araw ng iyong pananatili sa pasilidad na ito upang haraping muli ang buhay na iyong tinamasa inaasahan din namin na mananatili sa iyo ang mga leksyon o aral na iyong natutunan kasama kami at iyong maalala paminsan-minsan sa iyong pagharap sa mundo ng mga taong malaya. Ngunit sa ngayon....

MALIGAYANG PAGDATING

-Ang iyong pansamantalang pamilya